ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo LV Blg. 18
Setyembre 21, 2024
www.philippinerevolution.nu

EDITORYAL

# Wakasan ang katiwalian at krimen ng burukrata-kapitalistang sistema

Tambad, mabalasik at walang-tugot ang hidwaan ng magkaribal na mga reaksyunaryong pangkating Marcos at Duterte. Nagmumula ang kanilang sigalot sa kapwa walang-kabusugan nilang katakawan para sa yaman at kapangyarihan. Mabilis na nahihinog ang mga kontradiksyong ito dahil sa pag-aapura ni Marcos na tuluyang durugin ang lahat ng kakayahan ni Duterte na makabalik sa poder at sagkaan ang karibal sa tangkang bawiin ang kanilang interes sa pulitika at ekonomya.

Titindi pang lalo ang hidwaang ito habang papalapit ang eleksyong *midterm* sa 2025. Asahan na ang mga banggaang ito ay pasakalye lamang sa pagsiklab ng mas malalaki at mararahas pang salpukan. Posibleng yugyugin ang katatagan ng naghaharing rehimeng Marcos, subalit tutungo rin sa higit nitong konsolidasyon at monopolisasyon ng kapangyarihang pampulitika. Kaakibat nito ang lalong paglawak at paglakas ng mas malapad na demokratikong kilusang hahamok sa pasistang paghaharing Marcos.

Inilalantad sa mga pagdinig sa Kongreso ang kabulukang inabot ng naghaharing sistema sa garapalang paggamit ni Duterte sa poder sa pandarambong, pagpapalawak ng kanyang yaman at imperyong kriminal, liban pa para sa luho at mga gawing dekadente. Idinedetalye dito ang tuwirang papel ni Duterte at ng pinakamalalapit niyang kasapakat sa pagpaslang sa ilampung libo sa Oplan Tokhang at huwad na "gera kontra droga," gayundin sa madugong kampanya ng pasistang panunupil. Lalong tumindi ang sigaw ng taumbayan para sa katarungan, at para panagutin, arestuhin at usigin si Duterte at kanyang mga kasapakat sa krimen at korapsyon.

Habang nakatuon ang atensyon ng publiko sa mga pagdinig sa Kongreso na nagdidiin kay Duterte, tuluy-tuloy naman ang naghaharing pangkating Marcos sa sarili nitong burukrata-kapitalistang pagpapayaman at konsolidasyon ng kapangyarihang pampulitika. Mula nang maupo sa Malacañang, hindi bababa sa limang malaking kaso ng katiwalian laban sa mga Marcos (na katumbas ng mahigit ₱202 bilyon) ang ibinasura ng mga korte (kapiranggot lamang ang kaso ng 57-ektaryang lupang inangkin ng mga Marcos sa Paoay na binawi kamakailan ng Korte Suprema). Abala rin si Marcos sa pagbaluktot sa kasaysayan upang pagtakpan ang korapsyon, pasismo at krimen sa ilalim ng batas militar ng kanyang amang diktador (1972-1986).

Hinablot ni Marcos sa kamay ng mga Duterte (at ng China) ang maaanomalyang kontrata ng gubyerno sa ilang malalaking proyektong pang-imprastruktura at inilipat iyon sa pinapaburan niyang mga kumpanya (gamit ang pautang ng US, Japan at World Bank). Inilaan ni Marcos ang ₱550 bilyong pondo ng bayan sa Maharlika Investment Fund upang iembudo ito sa negosyo



ng mga kroning burgesyang komprador tulad nina Ramon Ang, Enrique Razon, Manny Pangilinan, ang mga Aboitiz at iba pa. Maglalaan sa 2025 ng hindi bababa sa ₱10 bilyon para sa "confidential and intelligence funds" ni Marcos para sa kanyang personal at pampulitikang pakinabang. Ipinabalik ni Marcos sa pambansang gubyerno ang "labis" na ₱20 bilyong pondo ng PhilHealth sa kabila ng mahigpit na pangangailangan at malaking pagkakautang nito.

Kasabwat ang mga sindikato, hawak ngayon ni Marcos, asawang si Liza Araneta, at ng mga Romualdez ang suplay ng bigas at asukal, pati na ng sibuyas at iba pang mga produktong pang-agrikultura. Ginagamit nila ang kontrol na ito para sa manipulasyon ng presyo at pagkamal ng maksimum na tubo. Ang kontrol sa bentahan ng iligal na droga sa Pilipinas ay hawak ngayon ng mga tauhan ni Marcos.

Walang kahihiyan ang pagpapakasarap-buhay ni Marcos gamit ang pondo ng bayan, kabilang ang isang bilyong pisong nilustay sa sunud-sunod na biyahe sa labas ng bansa ngayong taon. Nabuko siyang gumamit ng helikopter para umiwas sa trapiko para manood ng konsyerto. Niregaluhan siya ng hindi bababa sa $1 milyon na pribadong konsyerto ng Duran Duran sa kanyang kaarawan, na hindi lamang labag sa batas, kundi tahasang paghamak ni Marcos sa masang araw-araw ang paghihirap at pagdurusa.

Ipinwesto ni Marcos ang mga tapat sa kanyang upisyal ng militar at pulis. Sa kanyang utos, walang lubay ang armadong pagsupil at pagyurak sa mga karapatang-tao sa buong bansa. Patuloy ang mga pagpatay, pagtortyur at pagdukot. Halos 800 ang mga detenidong pulitikal. Daan-daang baryo sa kanayunan ang ipinaiilalim sa paghahari ng militar para igupo ang masang lumalaban.

Ang rehimeng Marcos ay kasalukuyang pinakakonsentradong mukha ng estadong burukratang kapitalista, pasista at neokolonyal. Nagsisilbi ito sa interes ng mga dayuhang monopolyong kapitalista at naghaharing uring malalaking burges komprador at malalaking panginoong maylupa, at sa interes ng mga naghaharing dinastiya.

Inaapi ang malawak na masa ng sambayanang Pilipino sa ilalim ng burukrata-kapitalistang estado. Ipinagpapatuloy ni Marcos ang mga neoliberal na patakaran ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon. Labis-labis ang ipinapapasan sa kanilang buwis at mga bayarin, ngunit halos walang nakukuhang serbisyong pangkalusugan, pang-edukasyon, pabahay at iba pang mga serbisyong pampubliko na dapat tinitiyak na libre ng estado. Bumubulusok ang buhay ng masa sa harap ng mataas na presyo, mababang sahod, kawalang trabaho at pang-aagaw ng lupa at kabuhayan.

Malinaw na ipinakikita ng sitwasyon ang lumalalim na krisis ng naghaharing sistemang pinaghaharian ng mga burukratang kapitalistang nagpapakasasa sa korapsyon at kriminalidad—si Duterte noon, si Marcos ngayon, at ng lahat ng reaksyunaryong rehimen mula itinatag ng imperyalismong US ang estadong neokolonyal. Sa agawan at sikuhan ng magkakaribal na pangkating walang kabusugan sa yaman at kapangyarihan, nabubuyangyang ang sistemang bulok hanggang sa kaibuturan.

Determinado ang sambayanang Pilipino na ipagtanggol ang kanilang mga karapatan at labanan ang burukrata-kapitalistang rehimeng US-Marcos. Dapat ubos-kayang pukawin, organisahin at pakilusin ang taumbayan, at itayo ang pinakamalawak na nagkakaisang prente ng lahat ng pwersang anti-pasista at anti-korapsyon. Sa ubod at unahan ng malawak na paglaban sa pasista at papet na rehimeng Marcos ay ang organisadong lakas ng mga batayang uri at sektor.

Upang lubos na sumulong at magtagumpay, dapat ikawing sa pakikibaka para sa pambansang demokrasya ang paglaban sa burukrata-kapitalistang rehimen. Lubos lamang itong mapapawi kaakibat ang saligang mga suliranin ng imperyalismo at pyudalismo sa pamamagitan ng pagwawakas sa sistemang malakolonyal at malapyudal. Para matamo ang hangaring ito, kailangang bagtasin ang rebolusyonaryong landas, pangunahin sa pamamagitan ng pagsusulong ng armadong pakikibaka upang matamo ang estratehikong layuning itatag ang tunay na demokratikong gubyerno ng bayan. AB

ANG Bayan

Tomo LV Blg. 18 | Setyembre 21, 2024

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang Ang Bayan ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

## Nilalaman

**Editoryal:** Wakasan ang katiwalian at krimen ng burukrata-kapitalistang sistema 1
22nd IB, inambus ng BHB-Sorsogon 3
Dagdag-sahod ng manggagawang-bukid sa Negros 3
3 martir ng Cagayan Valley, pinarangalan 3
Sistemang "piece-rate" sa pagawaan ng sabon 4
Pagmimina ng San Miguel sa South Cotabato 5
Pakikibaka ng kabataan noong batas militar 6
Pagpapalawak ng SMC ng plantang *coal-powered* 7
Mga protesta 7
Pakikibakang manggagawa 7
2, dinukot; 5, inaresto sa nagdaang 2 linggo 8
Mababang presyo ng mais sa anihan 8
Sa madaling salita 9
Surigao at Agusan del Sur, tadtad ng detatsment 10

Ang Ang Bayan ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ang.bayan@cpp.ph

## 22nd IB, inambus ng BHB-Sorsogon

INAMBUS NG BAGONG Hukbong Bayan (BHB)-Sorsogon (Celso Minguez Command) ang mga tauhan ng 22nd IB habang bumibyahe sa Sityo Sabang, Barangay Calpi, Bulan, Sorsogon noong Setyembre 6. Napatay dito si Cpl. Rodel Felismino habang nasugatan ang isa pang sundalo ng 22nd IB na nakabase sa Barangay Calmayon, Juban.

Ang naturang aksyon ay tugon ng BHB-Sorsogon sa daing ng mamamayan sa iba't ibang baryo ng Magallanes, Bulan, Irosin at Juban na hinaharas at ginigipit ng mga sundalo sa mga operasyong militar. Bahagi rin ito ng pagbigay-pugay ng Pulang hukbo sa kabayanihan ni Arnel "Ka Mando" Estiller at iba pang rebolusyonaryong martir.

**Pagparusa.** Iniulat ng BHB-Masbate (Jose Rapsing Command) ang pagpapatupad nito ng rebolusyonaryong hustisya noong Setyembre 10 sa isang aktibong kasapi ng CAFGU na si CAA Rodel Monsalod sa Barangay Cadulawan, Cataingan. Si Monsalod ay nagsisilbing giya sa mga operasyon at kampanya ng pagpatay ng 2nd IB sa mga sibilyan. Bayarang maton din siya ni Masbate Gov. Antonio Kho.

Sa Negros Oriental, pinatawan ng kaparusahan ng BHB-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) si Jonil Sevilla, aktibong aset paniktik ng militar na taga-Sityo Kabulay, Barangay Trinidad, Guihulngan City noong Agosto 30, alinsunod sa desisyon ng kinauukulang mga organo ng demokratikong gubyernong bayan. Isinagawa ang armadong aksyon sa Sityo Cambairan sa naturang barangay.

**Kontra-kubkob.** Hindi bababa sa 10 tropa ng 2nd IB ang napatay sa kontra-reyd ng BHB-Masbate sa pagkubkob ng mga tropa ng militar sa Sityo Calanay, Barangay Banco, Palanas noong Setyembre 15. Pinasabog ng mga Pulang mandirigma ang isang bomba na nagresulta sa kaswalti sa panig ng militar. Ligtas na nakamaniobra ang mga kasama nang walang pinsala sa kanilang hanay.

Koresponsal

## Dagdag-sahod ng mga manggagawang-bukid sa Negros, naipagtagumpay

Naipataas ng mga manggagawang-bukid sa tubuhan sa Barangay Kahil (hindi tunay na pangalan) sa timog na bahagi ng Negros ang arawang sahod matapos sama-samang harapin ang dalawang panginoong maylupa noong Hunyo. Sa ulat ng Ang Paghimakas, pahayagan ng rebolusyonaryong kilusan sa Negros, naitaas ang sahod mula ₱200-₱220 tungong ₱250, habang ang pag-aararo mula ₱700 tungong ₱1,300 sa dalawang pasada kada ektarya.

Nakabenepisyo dito ang 19 sambahayan o 44 na mga manggagawang-bukid mula sa limang sityo. Naipagtagumpay ito sa gitna ng higit na pinatinding mga operasyong militar ng Armed Forces of the Philippines.

Ayon sa Ang Paghimakas, ang anti-pyudal na pakikibaka sa Barangay Kahil ay ikalawa na sa organisadong paglaban ng masang magsasaka sa panahon ng *tiempo muerto* o "patay na panahon" na tumutukoy sa mga buwan sa pagitan ng siklo ng pagtatanim ng tubo. Isinagawa ang unang bugso noong Mayo.

**Piket ng magbubukid.** Noong Agosto 29, nagtipon at nagprotesta ang mga magbubukid ng Negros Occidental sa harap ng kapitolyo ng prubinsya sa Bacolod City para igiit ang paglalabas ng pondo ng gubyerno para umagapay sa *tiempo muerto*. Pinangunahan ang pagkilos ng Kilusang Magbubukid ng Pilipinas Negros at National Federation of Sugar Workers.

Nanawagan sila sa Sangguniang Panlalawigan na maglabas ng isang resolusyon na magdedeklara ng tuluy-tuloy na suporta para sa mga manggagawang-bukid na taun-taong dumaranas ng hirap at gutom tuwing *tiempo muerto*. Nauna nang nagsumite ng sulat ang mga magbubukid sa bise gubernador noong Agosto 20 para sa isang dayalogo.

Noong Agosto 20, nagsagawa rin ng piket at dayalogo ang mga magbubukid sa Department of Agriculture Region VI sa Bacolod City. Noon pang Hunyo ay nagsumite na sila ng sulat sa ahensya para igiit ang suportang pangkabuhayan.

## Tatlong martir ng Cagayan Valley, pinarangalan

PINARANGALAN NG REBOLUSYONARYONG kilusan ang tatlong Pulang mandirigma at kadre ng Partido sa Cagayan Valley na namartir noong Setyembre 11 sa Barangay Baliuag, Peñablanca, Cagayan. Kinilala sila na sina Ariel Arbitrario (Ka Karl), Danielle Marie Pelagio (Ka Seed) at Erin Sagsagat (Ka Jorly).

Si Ka Karl ay konsultant sa usapang pangkapayapaan ng NDFP. Tubong Davao City, ilang dekada siyang nagsilbi sa rebolusyonaryong kilusan sa Southern Mindanao bago nailipat sa komite ng Partido sa Cagayan Valley noong Agosto 2018, at malao'y italaga sa kalihiman nito.

Batay sa paunang impormasyon, hinihinalang isinailim sa matinding tortyur at interogasyon si Ka Karl hanggang sa tuluyang pinaslang. Inabot nang ilang araw pa bago ilitaw ang kanyang mga labi at pinahirapan ang kanyang mga anak na kunin ang mga ito.

Si Ka Seed, 22, ay nagmula sa Maynila at dating mag-aaral ng PUP. Si Ka Jorly, na sumampa sa BHB noong 1980, ay mula sa uring maralitang magsasaka na tubong Zinundungan Valley sa Rizal, Cagayan.

Koresponsal

# Mapagsamantalang sistemang "piece-rate" sa pagawaan ng sabon




Nakadepende sa dami ng sabon na nalilikha ng mga manggagawa tulad ni Mae ang kanilang iuuwing kita sa pagtatapos ng linggo. Nakapailalim siya at kapwa niya mga manggagawa sa tinatawag na sistemang "piece-rate" o por-piraso. Labag ito sa karapatan ng mga manggagawa sa bayad na 8-oras na araw ng paggawa.

Sa kanilang pagawaan, karaniwang pumapatak nang ₱27 kada 100 piraso ng sabon ang ibinabayad sa mga manggagawa. Bilang pakonswelo ng gahamang kapitalista, itinaas ito kamakailan at naging ₱31 na kada 100 piraso.

Hahatiin pa nila ito sa dami ng manggagawa kada tim. "Kung lima kami sa tim, 'yung halimbawang ₱31 na kita...pumapatak na ₱6.20 kada manggagawa," ayon kay Mae sa isang panayam sa Malayang Pilipina, ang pahayagan ng Makabayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (Makibaka).

Aniya, ang isang klase ng sabon na kanilang hinulma, pinino at pinakete ay karaniwang nabibili sa merkado nang ₱38. Sa kada sabon na ito, tumatanggap lamang siya ng ₱0.04 na halos 1,000 beses na mas maliit kaysa presyo sa merkado.

Labing-anim na taon nang nagtatrabaho si Mae sa naturang pagawaan. Malapit na siyang tumuntong sa pagiging *senior citizen.* Sa kabila ng halos dalawang dekadang pagtatrabaho ay nananatili siyang *piece-rate* na manggagawa.

"Noong una ay nagtiyaga lang ako hanggang sa umabot na ng ganito katagal. Hinahabol ko ang SSS kasi tatlong taon na lang 60 na ako, at may pensyon kahit papaano. At kung titigil ako, ano namang trabaho ang papasukin ko?"

Hindi hihigit sa ₱1,000 ang kanyang arawang sinasahod. Kinakaltas pa rito ang sapilitang singilin para sa SSS, Pag-IBIG at PhilHealth. Minsan dalawa o tatlong beses lamang siya pinapapasok sa pagawaan sa isang linggo.

Ayon kay Mae, karaniwang gumagastos sila ng pamilya ng ₱400 na para pa lamang sa pagkain at pamasahe, wala pa ang pambayad ng kuryente, tubig, upa sa bahay at iba pang gastos. "Araw-araw ko lang na pamasahe, kasama pagkain, ₱100 ang gastos ko...hindi na talaga sumasapat ang kinikita ko na ₱250 sa apat na oras ng trabaho," pagbabahagi niya.

Dagdag pagsasamantala pa sa kanila ang hindi maayos na kundisyon sa paggawa. Pinagsusuot sila ng *hairnet*, *apron*, at *face mask* pero dahil sa sobrang init, nahihirapan silang huminga. Dagdag pa ang matatapang at iba-ibang amoy ng sari-saring sabon. Hindi sila pinapayagang uminom ng tubig sa kanilang istasyon.

Liban pa, higit na pinaliit ng kapitalista ang bilang ng mga manggagawa na unang ipinatupad noong kasagsagan ng pandemya. Hanggang ngayon, hindi pa rin nagdagdag ng manggagawa ang kapitalista. Ang dami ng sabon na ginagawa nilang 16 na manggagawang *piece-rate* ay katumbas ng nalilikha noon ng 80 manggagawa.

Pakonswelo sa kanilang matatagal nang *piece-rate* na manggagawa, paminsan ay itinuturing silang "regular" na *piece-rate.*

Mulat si Mae sa masalimuot na pagkakaiba ng kalagayan ng mga manggagawang por-piraso at regular—mula sa sahod at benepisyo, hanggang sa pagkakasadlak sa hindi makataong paggawa. Aniya, "Lugi pa nga kami kung tutuusin kasi mas mabigat ang trabaho ng *piece-rate* na manu-mano kumpara sa regular na may makina."

Napakababa rin ng ibinibigay na *separation pay* sa kanilang mga porpiraso kung saan binibigyan lamang sila ng ₱1,000 sa kada taon sa trabaho.

Sa harap ng patung-patong na pagsasamantala, ibinahagi ni Mae ang takot ng mga manggagawa na magbuo ng unyon at kumilos. "Ngayon, ang laban namin ay maging regular, ang problema ay ayaw nila sumama pa sa mga organisasyon at takot na kalabanin 'yung *factory*," aniya.

Gayunman, pursigido si Mae na ipaliwanag ang karapatan sa mga kapwa niya manggagawa, nag-iisip ng iba't ibang pamamaraan upang unti-unting basagin ang takot na nararamdaman nila at maitransporma ito tungo sa pakikibaka. Bilang kasapi ng Makibaka sa komunidad, mulat na pinaplano ng kanyang kolektiba ang pag-oorganisa hindi lamang sa kanilang pabrika kundi sa mga kalapit din nito.

Nakapagbuo sila ng isang alyansa ng mga manggagawa sa syudad na itinutulak ang pagtaas ng sahod. Patuloy ang kanilang pagsisikap upang magbunga ito ng pagtatayo ng unyon at marami pang ibang samahan ng mga manggagawa sa komunidad at pabrika.


Umaasa siya na sa nalalapit na panahon ay mapakikilos ang mga manggagawa sa loob ng kanilang pabrika para igiit ang mga karapatan sa regularisasyon at nakabubuhay na sahod.

*Mula sa Malayang Pilipina, Agosto 2024.*

Balik-tanaw:

# Pakikibaka ng kabataan para sa demokratikong karapatan noong batas militar

Nang ipataw ng diktadurang US-Marcos ang batas militar noong Setyembre 1972, tahasang ipinagbawal ng rehimen ang mga konseho ng mag-aaral, mga organisasyon, kapatiran at mga publikasyon sa mga unibersidad at eskwelahan. Bahagi ito ng pangkabuuang panunupil sa demokratikong karapatan ng mga kabataan at ng buong bayan.




Itinuring na banta ni Marcos sa kanyang paghaharing militar ang anumang kumpulan ng mga estudyante at kabataan. Nagpadala siya ng ilampung mga ahente sa mga unibersidad na nagpanggap na mga estudyante, guro o empleyado para tiktikan at tukuyin ang mga kritikal sa kanyang rehimen.

Lantarang kinontrol ng diktadura ang mga administrasyon ng mga unibersidad. Ilang ulit din itong nagtangka na basagin ang namumuong pagkakaisa ng mga kabataan sa pamamagitan ng brutal na pag-aresto, intimidasyon at militarisasyon ng mga unibersidad.

Sa kabila nito, hindi nagapi ang diwang palaban ng mga kabataan at estudyante. Nagsumikap sila sa pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos ng kapwa kabataan para sa kanilang mga demokratikong karapatan.

Una nilang hinamon ang diktadura sa mga tahimik na martsa, mga iglap-protesta, pagpepetisyon, pamomolyeto, pagpapaskil ng mga poster at pagpipinta ng panawagan at iba pang malikhaing paraan para maipabatid sa mas malawak na bilang ang kalagayan sa ilalim ng rehimen. Nagsilbi ding daluyan ng panawagan at pakikibaka ng mga estudyante at masang Pilipino ang mga publikasyon sa kampus. Kalaunan, magbubunga ang mga ito sa isang masigabong kilusang protesta.

**Rali ng 200,000 kabataang estudyante**

Limang taon matapos ang deklarasyon ng batas militar, niyanig ang diktadurang Marcos ng malalaking rali ng mga kabataang estudyante para sa kanilang mga demokratikong karapatan. Humantong ito sa isang dambuhalang rali noon Hulyo 1977 na nilahukan ng halos 200,000 estudyante mula sa 10 kolehiyo at unibersidad. Binoykot nila ang kanilang mga klase sa University of the Philippines, Araneta University Foundation, University of the East, Adamson University, Trinity College, Philippine College of Commerce, University of Santo Tomas, Philippine Women's University, Feati University at Philippine College of Criminology.

Nagkaisa sila sa ilalim ng Alyansa ng Mag-aaral Laban sa Pagtaas ng Tuition Fee. Inihapag nito ang pitong mga kahingian, pangunahin ang pag-aalis sa lahat ng tropa at ahente ng reaksyunaryong Armed Forces of the Philippines mula sa mga kampus; pagbabalik sa mga konseho ng mag-aaral na ipinagbawal sa ilalim ng batas militar; at ihinto ang pagtaas ng matrikula.

Dahil sa lawak ng pagkilos, natulak ang diktadurang Marcos na itigil ang planong pagtataas ng matrikula ng mga pribadong eskwelahan sa sumunod na semestre. Naging insipirasyon ito upang palakasin pang lalo ang pagsisikap ng kilusang kabataan para itulak ang diktadurang Marcos na kilalanin ang kanilang demokratikong mga karapatan. Nang sumunod na taon, unti-unti nang maigigiit sa iba't ibang unibersidad ang pagbabalik sa mga konseho ng mag-aaral at pagbuhay sa mga pahayagan sa kampus.

**Patuloy na ipinaglalaban**

Ilang dekada matapos pabagsakin si Marcos Sr, mahalagang patuloy na panghawakan ang mga demokratikong karapatang ipinagtagumpay ng kilusang estudyante sa ilalim ng batas militar. Bahagi nito ang aktibong pagtatayo ng mga konseho at pagpapatakbo ng mga dyaryo. Lalong nagiging mahalaga ito sa harap ng tuluy-tuloy na imperyalistang opensiba sa kultura at ideolohiya para itaguyod ang indibidwalismo at liberalismo para magkawatak-watak at magkanikanya ang kabataan at alisan sila ng lakas bilang pwersang panlipunan at pangkasaysayan.

Sa mahabang panahon, ginamit ng mga estudyante ang kanilang mga konseho at pahayagang pangkampus bilang bisig at boses laban sa mapanupil na administrasyon sa kampus. Lalong krusyal ito sa kasalukuyang panahon sa harap ng pangangailangang salagin ang mga atake ng rehimeng Marcos, partikular ng National Task Force-Elcac, at ang panunumbalik ng mga ahente at pwersang militar at pulis sa mga kampus.

"Dapat protektahan at itaguyod ng mga estudyante at mga institusyong ito ang isa't isa," ayon sa isang mamamahayag pangkampus. AB

# Pagmimina ng San Miguel sa South Cotabato sa kabila ng pagtutol at peligro

Sa Barangay Ned, Lake Sebu sa South Cotabato, mula pa 2022, walang tigil ang paghuhukay ng karbon ng malalaking makinarya ng Daguma Agro Minerals Inc at Bonanza Energy Resources Inc, mga kumpanya ng San Miguel Energy Corporation (SEMC). Tuluy-tuloy ang pagmimina sa kabila ng pagtutol ng mga residente, taong-simbahan, mga grupong maka-kalikasan at maging ng pamprubinsyang gubyerno dito. Ang dating luntiang mga sakahan ngayon ay maitim na lupa nang balot ng nakasusulasok na usok at alikabok.

Mula umaga hanggang gabi, naglalabas-masok dito ang malalaking trak para itambak ang naminang karbon sa pyer sa Barangay Kalaong, Maitum, Sarangani. Sa taya ng mga residente, iniipon ang karbon para sa plantang pang-enerhiya ng SMEC sa Davao. Nagsusuplay din ito ng karbon sa plantang de-karbon sa Maasim, Saranggani na pagmamay-ari ng mga Alcantara, kasosyo ang kumpanyang Japanese na Toyota Tsusho Corporation.

Kinamkam ng SMEC ang 17,000-ektaryang kagubatan at lupang agrikultural sa Daguma Mountain Range. Malaking bahagi nito ay lupang ninuno ng Dulangan-Manobo at ng tribung T'boli. Marami rin ang mga setler dito na tubong Panay. Kasabwat ang sangguniang pamprubinsya ng South Cotabato (liban sa noo'y gubernador), inilako ng SMEC ang pagmimina bilang “tagapaghatid ng pag-unlad” sa Barangay Ned. Naglatag ang kumpanya ng mga daan at nagkabit ng kuryente para diumano sa gamit ng taumbaryo. Nangako rin itong kukunin ang mga residente bilang trabahador ng mina.

Pero nang magbukas ang minahan, sinimulan ng SMEC ang pagpapalayas sa mga residente sa paligid nito. Marami sa kanila ang napilitang magbenta ng lupa sa kumpanya dahil na rin sa pagtutulak ng lokal na gubyerno na umalis sa nilikhang “lugar de peligro” o *danger zone* ng minahan. Binili ng SMEC ang kanilang mga sakahan sa napakamurang halaga (₱80,000-₱100,000 kada ektarya).

Ginigipit ng kumpanya ang mga magsasakang tumangging magbenta ng kanilang lupa. Noong Abril 30, hinuli, sinampahan ng gawa-gawang kaso at ipinakulong ng mga gwardya sina Ricks Mosquero at asawang si Meljean, at sina Helberth Mosquero at asawang si Analie sa Sityo Aboy sa Barangay Ned. Napilitang dumaan ang apat sa tapat ng minahan dahil gumuho na ang lupa sa dati nilang dinadaanan papunta sa kanilang sakahan.

Nagdudulot ang pagmimina ng polusyon, kontaminasyon ng tubig at pagkasira ng mga katubigan sa Daguma. Pinangangambahan ng mga residente na lalasunin ng mina ang mga ilog ng Kabulnan at Allah na dumadaloy patungong Liguasan Marsh, isang malawak na bakawan na nagsisilbing mahalagang pangisdaan. Ang Allah River, sa kabilang banda, ang pangunahing pinagmumulan ng irigasyon ng malalawak na palayan sa South Cotabato at Sultan Kudarat.

Sinasabi ng SMEC na gumagamit ito ng paraang “side-stripping" sa pagmimina. Pero ayon sa mga eksperto, walang kaiba ang metodong ito sa mapangwasak na *open-pit mining* na ipinagbabawal sa South Cotabato mula 2010. Sa ulat ng Mines and Geosciences Bureau noong 2019, ang pagmimina ng karbon sa buhaghag na lupa tulad sa Barangay Ned ay magreresulta sa mga *landslide* at paglubog ng mga komunidad dulot ng posibleng mga butas sa ilalim ng lupa.

Katunayan, ilang panahon pa lamang ang operasyon ng mina, nakapag-ulat na ang mga ahensya ng prubinsya ng mga *sinkhole* o paglamon ng lupa sa Barangay Ned. Noong Marso 2022, dumanas din ang Barangay Ned ng biglaang pagbaha at pagguho ng lupa na pumatay sa isa at nagpalayas sa 300 residente. Noong Setyembre sa parehong taon, isa pang *landslide* ang naganap na nagpalikas sa 117 pamilya.

Sa matagal na panahon, napigilan ang SMEC dahil sa matinding pagtutol ng mamamayan sa Barangay Ned. Dinumog ng militar ang barangay. Humantong ito sa pagmasaker sa walong Lumad noong Disyembre 3, 2017. Sa araw na iyon, pinatay ng mga sundalo ang lider ng Tboli-Dulangan Manobo na si Datu Victor Danyan, ang dalawa niyang anak na sina Victor Jr at Artemio at sina Pato Celardo, Samuel Angkoy, To Diamante, Bobot Lagase, at Mateng Bantel. Hanggang ngayon, wala pa rin silang natatamong hustisya. AB



## Pagpapalawak ng SMC ng plantang *coal-powered* sa Zambales, tinutulan

MULA MINDANAO HANGGANG Luzon, walang awat ang pandarambong ng San Miguel Corporation (SMC) ng malaking burgesyang si Ramon Ang sa likas na yaman ng bayan na pumipinsala sa kalikasan at kabuhayan ng mamamayan.

Sa Zambales, tinututulan ng mga residente, maka-kalikasang grupo at mga taong-simbahan ang balak ng San Miguel Global Power (SMGP), subsidyaryo ng SMC, na palawakin ang Masinloc Power Plant nito sa Masinloc, Zambales. Kinundena din ng mga ito ang pag-endorso sa planong ito ng gubernador ng Zambales na si retiradong heneral Hermogenes Ebdane Jr. Si Ebdane ay dating hepe ng Philippine National Police, kalihim ng Department of Defense, at kalihim ng Department of Public Works and Highways.

Tinututulan ng mga residente ang konstruksyon ng dalawa pang dagdag na yunit ng plantang *coal-powered* o pinatatakbo ng karbon. Panawagan nila ang kagyat na pagpapasara sa naturang planta.

Ayon sa kontra-petisyon, napalayas sa kanilang mga tirahan at kabuhayan ang mga residente sa mga komunidad sa paligid ng planta. Dumanas din sila ng pinsala sa kanilang kalusugan, at panggigipit at intimidasyon sa mga tumutol. Nasira din ang karagatan sa Masinloc Bay.

Sa pag-aaral ng Concerned Citizens of Zambales, sinira ng abo ng karbon mula sa Masinloc ang produksyon ng mangga na isa sa mayor na kabuhayan sa prubinsya. May idinulot din itong pinsala sa mga sakahan sa hilagang Zambales. Kung itutuloy ang ekspansyon ng planta, lalong lalawak ang pinsalang idudulot nito sa mga sakahan at pangkabuuang kahanginan ng prubinsya.

Binatikos din nila ang pagpondo sa proyekto ng Standard Chartered, isang multinasyunal na bangko na nakabase sa United Kingdom. Tumanggap din ito ng pondo mula sa International Finance Corporation ng World Bank.

Sa Pilipinas, galing sa mga plantang *coal-powered* ang 54.7% mga *greenhouse gas emission* ng sektor ng enerhiya.

**Protesta ng mga drayber sa Catarman.** Nagtipon ang 300 drayber ng traysikel na may rutang University of Eastern Philippines-Catarman noong Setyembre 8 para iparating ang kanilang pagtutol sa napipintong pag-agaw ng isang kooperatiba sa kanilang ruta. Ang atakeng ito sa kanilang kabuhayan ay bunsod ng PUVMP (PTMP) na nagbukas sa iba't ibang ruta ng maliliit na drayber at opereytor sa malalaking korporatisadong mga kumpanya ng "modernong dyip."

**Eyes On Set Network, inilunsad.** Binuo ng mga manggagawa sa pelikula at telebisyon, mga propesyunal, mga estudyante ng midya, at mga tagapagtaguyod ng karapatan sa paggawa ang Eyes on Set Network para bantayan ang pagpapatupad sa Eddie Garcia Law at pagtutulak ng nakabubuhay na sahod at makataong oras ng paggawa sa industriya ng pelikula at telebisyon. Upisyal na inilunsad ang *network* sa isang rali noong Setyembre 11 sa Quezon City.

**Pagkakwari sa Rizal, ipinahihinto.** Nagtungo noong Setyembre 11 sa DENR ang mga grupong maka-kalikasan at mangingisdang apektado ng pagbaha sa Rizal nang manalasa ang bagyong Enteng. Panawagan nila ang agad na pagkansela sa lahat ng mga *permit* para sa *quarrying* at pagmimina sa prubinsya. Anila, ang sobra-sobrang pagkalbo sa kagubatan dito na dulot ng *quarrying* at mina ang isa sa mayor na dahilan ng mabilis na pagtaas ng tubig at malawakang pagbaha noong Setyembre 2.

**Unyon sa Golden Zone Garments, itinatag.** Matapos ang ilang buwang pagsisikap, naitatag at naiparehistro ng mga manggagawang *daily rank-and-file* ng Golden Zone sa Laguna ang Nagkakaisang Manggagawa ng Golden Zone Garments and Accessories Inc noong Agosto 12. Kinahaharap ng mga manggagawa ang isyu ng mababang pasahod, sapilitang obertaym, kawalan ng alawans sa transportasyon at hindi maayos na tuntunin sa kaligtasan at kalusugan.

Nagsampa rin ang unyon ng kaso sa National Conciliation and Mediation Board dahil sa panggigipit ng maneydsment sa manggagawa at pamimilit na kumalas sa unyon. Nagkaroon ng unang pagdinig noong Setyembre 11.

**Karapatan, kilalanin sa paglipat ng pagawaan ng *icing*.** Patuloy na iginigiit ng mga manggagawa ng kumpanyang Philippine Gum Paste Inc (PGPI), pagawaan ng *icing* (para sa keyk), sa Cubao, Quezon City ang kanilang karapatan matapos balewalain ng maneydsment ang kanilang mga hinaing sa paglilipat ng pagawaan nito sa Candelaria, Quezon. Reklamo nila, sapilitan silang pinalilipat sa bagong pagawaan at kung hindi ay tatanggalin sa trabaho.

**CBA sa Daiwa, ipaglaban.** Higit 100 manggagawa ng Daiwa-Seiko Philippines ang nagprotesta sa labas ng pagawaan nito sa Laguna International Industrial Park sa Biñan, Laguna noong Setyembre 18 para ipaglaban ang kanilang *collective bargaining agreement* (CBA). Anang Malayang Unyon ng Daiwa-Seiko Philippines, inaantala ng maneydsment ang kanilang CBA.

## 2, dinukot; 9, inaresto sa nagdaang linggo

Walang-renda ang kalupitan at karahasan ng rehimeng Marcos sa nagdaang mga linggo. Naitala sa Isabela ang pagdukot sa dalawang kabataang organisador, pag-aresto sa anim na lider-tsuper at opereytor sa Bacolod City, at mga kaso ng panggigipit sa Cavite.

**Pagdukot.** Sa Isabela, dinukot ng mga pwersa ng estado sina Vladimir Maro at Andy Magno sa bayan ng San Pablo noong Setyembre 11. Si Maro ay organisador ng Migrante Youth at tagataguyod ng karapatan ng manggagawang migrante. Si Magno naman ay naging bahagi ng Minggan-University of the Philippines Manila, isang organisasyong nagtataguyod sa kalikasan. Nagtapos siya sa kursong Development Studies sa unibersidad.

Noong Setyembre 15, natunton ng mga kaanak at abugado si Maro istasyon ng mga pulis sa Peñablanca kung saan siya ikinulong. Sinampahan siya ng dalawang kaso ng tangkang pagpaslang at "terorismo."

**Pag-aresto.** Binomba ng tubig ng mga bumbero at marahas na binuwag ng mga pulis at armadong pwersa ng rehimeng Marcos ang mga nagprotestang drayber at opereytor ng dyip sa Bacolod City noong Setyembre 18. Upang ihayag ang kanilang hinaing laban sa *jeepney phaseout*, nagpiket sila sa tapat ng isang hotel sa Lacson Street kung saan inilunsad ng mga ahensya ng gubyerno ang Public Transport Modernization Program Summit.

Inaresto ng mga pulis ang ilang lider ng Undoc-Piston, KNETCO-Piston, at Bacod-Manibela sa naturang piket. Kabilang dito sina Lilian Sembrano, Rudy Catedral, Eric Bendoy, Shallemar Leutner, Melchor Omangyon, at Rodolfo Gardoce.

Noong Setyembre 19, tatlong estudyante ng Polytechnic University of the Philippines ang dinampot ng nakasibilyang mga pulis sa Quiapo, Manila habang nagsasagawa ng "oplan-pinta" bilang paggunita sa ika-52 anibersaryo ng batas militar at diktadura ng unang rehimeng US-Marcos.

**Panggigipit.** Noong Setyembre 9, nagtayo ng isang tsekpoynt ang mga pwersa ng estado sa bukana ng Lupang Ramos sa Dasmariñas City. Sa sumunod na araw, pwersahang pinasok ng 50 pulis at militar ang komunidad sa tabing ng pag-iinspeksyon kaugnay sa African Swine Fever. Muling pinasok ang komunidad noong Setyembre 17.

Noong Setyembre 9, tumigil nang ilang oras ang apat na sasakyan ng pulis sa harap ng Lupang Tartaria sa Silang. Mayroon din itong kasamang isang siksbay na trak ng mga sundalo na may tatlong baril sa bubong, at tatlong V150 na mga tangke ng militar. AB

## Mababang presyo ng mais sa anihan, kalbaryo ng mga magsasaka

"Wala pa tayo sa rurok ng anihan, mabilis nang bumabagsak ang presyo ng mais!" Ito ang malaking ikinababahala ng mga magsasaka na nagtatanim ng dilaw na mais sa Cagayan Valley ngayong panahon ng anihan.

Sa ulat na inilabas ng Danggayan Cagayan Valley (Alyansa ng mga Magsasaka sa Lambak ng Cagayan), nasa ₱7/kilo lamang ang bilihan ng regular na mais sa Lasam, Cagayan; ₱10/kilo sa San Mariano, Ilagan, Roxas at ₱10.50 sa San Guillermo. Sa Gattaran, ₱11.50/kilo ang bilihan ng regular na mais habang ang "good & dry" (may mababang *moisture content*) ay ₱15-17.50/kilo lamang.

Nasa ₱17/kilo naman ang bilihan sa Cotabato (mula ₱25/kilo bago ang anihan), gayundin sa Bukidnon at Maguindanao. Sa Zamboanga, ₱17-₱19 ang kilo mula ₱20/kilo. Sa ibang bahagi ng BARMM, nasa ₱16 lamang ito mula ₱26-₱27 bago ang anihan. Tinataya ng mga magsasaka na babagsak pa ang mga presyo sa kasagsagan ng anihan.

"Nakaligtas tayo sa *army worm*, sobrang hangin, baha at katatapos lang tamaan ng El Niño, pero di tayo makaligtas sa barat na presyo ng mais," reklamo ng mga magsasaka. Kinundena nila ang pambabarat ng mga komersyante pagsapit ng anihan. Anila, halos hingin na lang ng mga ito ang kanilang produkto.

Kalbaryo sa kanila ang napakababang bilihan lalupa't walang awat ang pagtaas ng gastos nila sa produksyon. Umaabot nang ₱64,000 kada ektarya ang kailangan nilang kapital para makapagtanim. Kadalasan, inuutang nila ang halagang ito sa napakataas na interes na 30-40%.

"Halos 80% ng gastos natin ay sa binhi, abono at *labor*," ayon sa Danggayan. "Ang inuutangan natin ang siya ring bumibili ng ating mais sa presyo at klasipikasyong tinatakda nila. Ang binibili sa atin na ₱16/kilo *good & dry*, ibebenta naman nila ng ₱50/kilo sa malalaking planta ng *feeds* sa Bulacan at Maynila. Nasaan ang hustisya sa presyo ng mais ngayon?"

Pangalawang pinakamalawak na pananim ang mais sa Pilipinas. Mahigit 500,000 pamilyang magsasaka ang nagtatanim ng mais sa halos 2.5 milyong ektarya. Ang 72% ng mais na tanim nila ay *yellow corn* na sangkap ng pakain ng baboy, manok at isda. Ang Cagayan Valley (Isabela) at Northern Mindanao (Bukidnon) ang may pinakamalaking produksyon ng mais.

Liban sa dilaw na mais, nagtatanim din ng puting mais ang mga magsasaka na ginagamit naman bilang sangkap ng gawgaw, binatog at kornik. Ginigiling din ito para kaininan bilang panghalili sa bigas. AB

# 1.02 MILYON

kabataan ang **walang trabaho** noong Hulyo 2024. Sila ay 43% ng kabuuang bilang ng mga walang trabaho na 2.4 milyon. Pinakamarami sila sa NCR.

# ₱8.4 BILYON

ang kinaltas ni Marcos sa ₱11.8 bilyon badyet na hiniling ng **Polytechnic University of the Philippines**, kaya ₱3.39 bilyon na lamang ang ipinanukala.

# Ika-2

**ang Rizal sa mga prubinsya na may pinakamaraming Mineral Production Sharing Agreement (30).**

Ang pagkakalbo ng mga gubat at pagkawasak ng mga ilog ay kabilang sa mga dahilan ng malawakang pagbaha noong Setyembre 2 kasabay ng **Bagyong Enteng**.



# ₱950

magiging singil na ***terminal fee*** (mula ₱450) matapos ibenta ng rehimeng Marcos ang mga pagpapatakbo sa mga operasyon ng **NAIA** sa San Miguel Corporation.

# 40.28%

itinaas ng bayad-utang ng Pilipinas noong Hulyo (₱1.36 trilyon), kumpara sa ₱972.28 bilyong binayaran nito noong Hulyo 2023.



# AMADO V. HERNANDEZ

anti-imperyalistang makata, nobelista, lider-manggagawa at mamamahayag ay ipinanganak noong **Setyembre 14, 1903**. Pinakabantog niyang obra ang tulang Kung Tuyo na ang Luha mo, Aking Bayan at nobelang Ibong Mandaragit.

# ₱4.56 bilyon

ang *confidential and intelligence funds* sa badyet ni Ferdinand Marcos Jr, halos kalahati ng kabuuang

# ₱10.506 bilyon

na badyet ng kanyang upisina.

# 15

kaso ng sadyang panununog sa mga komunidad sa baybay ng Cavite mula 2017 para palayasin ang mga residente at bigyan-daan ang proyektong reklamasyon sa lugar.

Koresponsal

# Surigao del Sur at Agusan del Sur, tadtad ng detatsment ng militar

Walang humpay ang paghahasik ng takot at paglabag sa karapatan ng mga katutubo at mahihirap na mamamayan ng pasistang mga pwersa ng militar, pulis at paramilitar sa mga barangay at komunidad sa prubinsya ng Surigao del Sur at Agusan del Sur.

Simula 2018, sapilitang nagtayo ng karagdagang 15 detatsment ang 3rd Special Forces Battalion (SFB) at pinamumunuan nilang mga yunit ng CAFGU sa mga komunidad ng Andap Valley Complex (AVC) sa Surigao del Sur. Apat dito ay sa mga komunidad sa Barangay Diatagon sa Lianga.

Samantala, nagtayo ang 75th IB ng kabuuang 11 detatsment—tig-dalawa sa mga barangay ng Buhisan at Hanipaan sa bayan ng San Agustin, tatlo sa Barangay Mahaba sa Marihatag, at tig-isa sa Barangay Libas sa San Miguel at Barangay Caras-an sa Tago.

Apat na detatsment ang itinayo ng 3rd SFB sa hangganan ng Surigao del Sur at bayan ng Prosperidad, Agusan del Sur. Dalawa dito ay nasa Barangay Mabuhay, at tig-isa sa mga barangay ng Libertad at San Lorenzo.

**Mahabang listahan ng pang-aabuso**

May mga detatsment na ang 3rd SFB sa ilang barangay sa AVC mula pa 2016. Sa tala ng mga residente ng isang kulumpon ng mga baryo rito, nagkaroon ng 361 biktima ng paglabag sa karapatang-tao ang batalyon. Kabilang sa mga ito ang dalawang kaso ng pisikal na pananakit, 33 kaso ng iligal na pang-aaresto at detensyon, 42 sapilitang pagpapasurender, 24 na pagsasampa ng gawa-gawang kaso at 106 na pwersahang pagpapalayas sa komunidad.

Ipinatupad sa mga baryo na ito ang mga karpyu, pagpapa-*logbook* sa mga naglalabas-masok sa komunidad at paglilimita sa oras ng pagpunta sa bukirin. Biglaang nagtatayo ng mga tsekpoynt ang mga sundalo para kunan ng litrato ang mga namamasadang mga drayber at ang kanilang mga pasahero at kargamento. Isinasailalim sa interogasyon ang mga may-ari ng tindahan at nililimita ang dami ng binibiling suplay ng pagkain. Tuwing nagpapalit ng upisyal ang mga detatsment, nagsasagawa ng "sensus" ang mga sundalo. Pinagbabantaan nila ang mga pinaghihinalaan nilang patuloy na nakikipag-ugnayan sa Bagong Hukbong Bayan.

Pasimuno rin ang mga sundalo sa dekadenteng mga aktibidad tulad ng pag-iinom at panggugulo tuwing nalalasing. "Nakikipagkaibigan" sila sa mga residente sa pamamagitan ng panliligaw, kahit sa mga may-asawa na. May kaso na tinatakot ang dalaga kung tumanggi sa panliligaw. Kapag ililipat sa ibang detatsment, basta na lamang iniiwan ng mga sundalo ang kanilang nabuntis na mga dalagita. Tinatarget nila ang mga anak ng kinikilalang lider ng mga katutubong komunidad.

Sa magkanugnog na barangay sa bayan ng Prosperidad, naitala ang 111 kaso ng mga paglabag sa karapatang-tao sa pagitan ng 2022-2023. Pangunahin dito ang mga kaso ng intimidasyon at pananakot (55), sapilitang pagpapalikas at dislokasyon (16), sarbeylans (15), paglilimita sa pagkaing binibili at paninda (7), pamimilit (6), interogasyon (4), pag-aresto at detensyon (2), pagtatanim ng ebidensya (2) at pagsasampa ng gawa-gawang kaso (3). Naiulat din ang iligal na paghalughog sa bahay ng mag-asawang matanda at pambubugbog sa kanilang binatang anak na may kapansanan sa pag-iisip sa Barangay San Lorenzo.

Paulit-ulit ang pananakot at pamimilit sa mga sibilyan, kabilang sa mga upisyal ng mga barangay na ni-*red-tag* ng National Task Force-Elcac. Marami sa kanila ang pinapirma sa mga papel kapalit ang mga pangakong benepisyo ng E-CLIP. Sa isang barangay, natulak na magpakamatay ang isang residenteng may kapansanan sa isip dahil sa troma na idinulot ng paulit-ulit na pagpapatawag at interogasyon ng mga sundalo sa kanyang mga magulang.

Pinakahuling pangyayari ang makailang beses na panganganyon ng SAF at 3rd SFB mula sa Barangay Libertad, Prosperidad noong Agosto 2024. Nagdulot ito ng takot sa mga residente lalo na sa mga bata, mga inang nagpapasuso at matatanda. Apektado nito ang 1,000 pamilya sa magkakalapit na barangay ng San Lorenzo, Mabuhay at Libertad. Kasama ring naapektuhan ang mga residente sa mga kalapit na barangay sa tabi ng kalsada tulad ng Barangay Aspetia, Magsaysay, Los Arcos at San Martin sa parehong bayan. AB

